Ontario

NEWS

Ministry of Government Services

Paghuhusay ng Pakikitungo ng mga Serbisyong Pamahalaan

Ilalagay ang Tarhetang Pangkalusugan at Pagkuha ng bagong Lisensiyang Pagmamaneho ng Gobyernong McGuinty sa Isang Lugar

BALITA Ika-22 ng Hulyo, 2009

Simula ngayong taglagas, maaaring isang biyahe na lang ang pagkuha ng tarhetang pangkalusugan, lisensiyang pagmamaneho at mga serbisyong pagrehistro ng sasakyan para sa karamihan ng mga taga-Ontario.

Sa susunod na mga buwan, ang ServiceOntario ay:

- Magpapalawak ng pagkuha ng mga serbisyong tarhetang pangkalusugan sa kasalukuyang 27 tanggapang OHIP tungo sa lahat ng 300 pinagsamang sentrong ServiceOntario
- Gagawin ang pangserbisyo sa tagamaneho at pangsasakyan para sa lahat ng 300 sentro
- Magdadala ng mga sticker ng rehistrasyon ng sasakyan sa loob ng limang araw ng pagtratrabaho kapag hiningi ito online.

Mas magiging madali para sa mga mamamayan ang mga karaniwang serbisyong pampahalaan dahil sa mga pagbabago, lalo na sa mga panlalawigan at hilang komunidad. Umaabot sa 95 porsiyento ng mga taga-Ontario ang magiging sa loob ng 10 kilometro ng isang bagong pinagsamang sentrong ServiceOntario.

BANGGIT

“Inaasahan ng mga taga-Ontario na gamitin ng pamahalaan ang kanilang dolyar mula sa buwis upang mabigay ang napakahusay na serbisyong pang-kustomer na kanilang kinakailangan at inaasahan. Pinapabuti ang mga serbisyo at pinapadali ang mga lokasyon ng ServiceOntario upang maging mas mabilis, mas magiliw at mas madali para sa mga mamamayan.”
– Harinder Takhar, Ministro ng Sebisyong Pampamahalaan

MAIIKLING KATOTOHANAN

- Sa kasalukuyan, dalawang sentrong ServiceOntario lamang ang nakapagbibigay ng tarhetang pangkalusugan, lisensiyang pagmamaneho at mga serbisyong pagrehistro ng sasakyan sa ilalim ng isang lugar.
- Sa mga komunidad panlalawigan, lalawak ang pagkuha ng mga serbisyong tarhetang pangkalusugan mula 2 tungong 163 sa mga sentrong ServiceOntario.
- Sa mga hilagang komunidad, lalawak ang pagkuha ng mga serbisyong tarhetang pangkalusugan mula 6 tungong 67 sa mga sentrong ServiceOntario.
- Ang pagpalit ng tirahan, katibayan ng kapanganakan at pagkuha muli ng tarheta para sa outdoor ay iilan lamang sa mga serbisyong makukuha online.

PARA MALAMAN

Tungkol sa mga serbisyong inaalok ng ServiceOntario

Ang pinakamalapit ng lokasyon sa inyo

Sarbjit Kaur, Minister’s Office, 416-327-0125
Ciaran Ganley, Communications Branch, 416-325-8659